

Pangapug: Pagdalumat sa Pundasyon ng mga Ritwal ng Tribong Talaandig sa Lantapan, Bukidnon

*Judith Singcolan*¹
ORCID No. 0000-0002-9501-0126

Abstrak

Pangunahing tunguhin sa pag-aaral na ito na mailahad at madalumat ang *pangapug* na ritwal ng tribong Talaandig. Inilahad din kung ano-ano ang paniniwala, kaugalian at kung paano pinapahalagahan ng tribo ang kanilang mga katawagang panritwal. Tiniyak na masagot ang sumusunod na katanungan: 1. Ano ang *pangapug* na ritwal ng tribong Talaandig sa Lantapan Bukidnon? 2. Ano-ano ang mga katawagang panritwal na napapaloob sa ritwal? at 3. Ano-ano ang mga paniniwala at kaugaliang nasasalamina dito? Pangunahing pamamaraang ginamit sa pag-aaral ang kuwalitatibong disenyo sa uring deskriptibong pananaliksik. Gumamit din ng etnograpihong pamamaraan ang pag-aaral sapagkat ilang beses na bumisita ang mananaliksik sa lugar kung saan ginanap ang pag-aaral upang personal na makahalubilo at makausap ang limang (5) impormante. Nagkaroon din ng aktwal na partisipasyon ang mananaliksik sa ritwal ng tribo. Pagkatapos, isinagawa ang interbyu at *focus group discussion* upang higit na maunawaan at mabigyan ng malinaw na interpretasyon ang mga datos. Lumabas sa pag-aaral na ang *pangapug* na ritwal ay sadyang isinasagawa bago pa man gawin ang iba pang mga ritwal lalong-lalo na ang mga pangunahing ritwal ng tribo. Natuklasan din na maraming katawagang panritwal na nagtataglay ng kahulugan at simbolo na ginagamit sa pagsasagawa ng *pangapug* na ritwal. Mayroon ding nakapaloob na mga paniniwala at kaugalian sa mga katawagang panritwal na ito. Batay sa mga natuklasan, napatunayan na mayaman sa katawagang panritwal ang tribong Talaandig na nakapaloob sa kanilang ritwal. Mayroon silang ritwal na isinasagawa sa anumang gawain bilang pagbibigay pugay sa mga ispiritu na nagbabantay sa lahat ng bagay sa kanilang paligid. Ang wika ng kanilang ritwal ang nagbibigkis at nagbubuklod sa tribo tungo sa iisang layunin at hangarin at para sa kapakanan ng buong komunidad. Angkin nito ang tradisyon at mga paniniwalang puro at walang bahid ng impluwensiya ng kanluranin. Napapanatili nila ang kanilang mga kaugalian at mga paniniwala na napapaloob sa wika ng kanilang ritwal. Dahil mayaman sa mga kultural na katawagan ang *pangapug* na ritwal, inirerekomendang magsasagawa pa ng pag-aaral hinggil sa iba pang ritwal ng tribong Talaandig at mga indehinus na grupo sa Pilipinas at maaaring gawan rin ng pagsusuri ang wika ng kanilang ritwal upang matukoy kung ano-anong paniniwala at kaugalian ang nakapaloob dito. Sa pamamagitan nito higit nilang makikilala, maiintindihan at lalong maunawaan ang kanilang tribo.

Mga susing-salita: Inapugan, kapandulang, mangangapug, pangapug

¹ Bukidnon State University

Ang pagpapahalaga at pagkamulat sa angking kalinangan ng tribong Talaandig sa Bukidnon ang naging sentro sa pagsulong ng kanilang kultura. Masisilayan ito sa kanilang gawi, kilos, pananalita, pananamit, maging sa paraan ng kanilang pamumuhay. Pagtungtong pa lang sa kanilang komunidad makikita na may paglingap ang tribo sa kinagisnang kultura sapagkat masisilayan at mababasa ang malaking *landmark* sa bukana ng kanilang teritoryo na “*Welcome! You are now in the heart of Talaandig Ancestral Territory. Be Culture Conscious.*” Nagpapahiwatig lamang ito na ang naturang tribo ay isa sa mga pangkat etniko ng bansa na may malaking pagpapahalaga at pagmamahal sa kinagisnang kultura. Bilang bahagi o pakikibahagi sa loob ng kanilang teritoryo, mahalagang malaman ang kultura mayroon ang tribo nang maipakita ang paggalang dito.

Isa sa mga matibay na pruweba na patuloy na pinapahalagahan at pinipreserba ng mga salinlahi ni Saulana ang angking kalinangan at kultura ay sa pamamagitan ng kanilang ritwal. Ang lahi o pangkat na sa kasalukuyan ay kakikitaan ng malaking pagpapahalaga at siyang nagdadala sa pangalang Talaandig.

Isa sa mga komponent ng kultura ang pananampalataya kung saan nakapaloob ang pagriritwal. Ayon kay Almario (2011), na binanggit sa UP diksiyunaryo, ang ritwal ay itinakdang anyo ng publikong pagsamba o pagsasagawa ng banal na sakramento ng panlipunang kilos at gawi. Lahat ng miyembro ng tribo sa pangunguna ng mga matatandang katutubo ay kailangang dumalo sa seremonyang ito lalong-lalo na ang kabataan na magpapatuloy nito hanggang sa susunod na henerasyon. Ang tribong Talaandig ay patuloy na gumagawa at nagsasagawa ng ritwal na nais nilang maipamana sa kanilang mga anak

upang mapanatiling buhay ang kultura at identidad ng tribo.

Ayon naman kay Biron-Polo (1988), ang ritwal ay maaaring basahin bilang panlipunang dokumentasyon at pedagohiya. Nangangahulugan ito na ang ritwal ay maaaring magbahagi ng paniniwala, saloobin at ideolohiya ng grupo. Ang ritwal ay nagpapakilala ng identidad ng tribong Talaandig sapagkat bahagi ito ng sistema ng kanilang kultura at pamamalakad sa lipunan. Pinahahalagahan nila ang kapangyarihan ni *Magbabaya* na pinaniniwalaang may lakas at puwersang gumawa ng anumang bagay o magandang kapalaran sa buhay ng mga katutubo. Kaya, iniingatan nila ang pagsasagawa ng anomang bagay na maaaring magbigay ng kamalasan o malaking problema sa buong tribo. Dagdag pa ni Biron-Polo (1988), “*ritual sequences are built on a regularity of repetition and rhythm which standardizes a level of cognition, effect and responses among all the participants*”. Sa madaling salita, may iisang seremonya lamang ang pagsasagawa ng mga ritwal gaya ng mga isinasagawa ng tribong Talaandig sa Lantapan, Bukidnon. Ito ay sinang-ayunan sa pag-aaral ni English (1977), na ang ritwal ay isang seremonya.

Espesyal at may angkop na espasyo sa kultura ng mga Talaandig ang kanilang ritwal. Isinasagawa ang mga ito kung may nais hilingin o dili kaya ay humihingi ng gabay at nagpapasalamat sa pinaniniwalaang ispiritu na tinatawag na *Mulin-ulin* (Saway, 1996). Ang mga gawaing pangkabuhayan na ginagawa sa loob ng kagubatan o kabundukan gaya ng pagtanim, pangunguha ng pulot, pangangaso, panghuhuli ng mga hayop sa gubat ay nangangailangan ng ritwal.

Ayon pa kay Saway, “ang buhay ay isang ritwal. Mula pagkasilang hanggang pagkamatay ay isinasagawa na ang iba’t ibang uri ng ritwal” (V. Saway, personal

communication, Hunyo 20, 2014). Nangangahulugan ito na parte na ng buhay ng tribong Talaandig ang pagsasagawa ng mga ritwal dahil pinaniniwalaan nilang sila ay gagabayan at tutulongan ni *Magbabaya* para magtagumpay sa bawat hangarin at gawain sa buhay.

Masasalamain sa wika ng ritwal ang mga paniniwala at kaugalian ng tribo. Kakambal ng ritwal ang simbolo at kahulugan. Bawat salita, kilos na ginagamit sa ritwal ay larawan ng kanilang pagkatao. Maraming paniniwala ang bumabalot sa wika ng kanilang ritwal ngunit ang nangingibabaw sa lahat ay ang mahigpit na paniniwala ng tribo sa diwang ispiritwalismo. Ang kanilang paniniwala sa mga ispiritu ay naglalarawan at nagpapakilala rin ng kanilang pagkatao. Ang ating pananampalataya at ispiritwalidad ay nakabatay sa ating paniniwala (Covar, 1998).

Kaya kung gaano madalas na ginagamit ang wika ng isang tao nakikilala at nababatid ang pagkakakilanlan at ang buo nitong pagkatao. Dahil bahagi ng anumang kultura ang wika, ang pagbibigay-kahulugan sa mga katawagang panritwal ng tribong Talaandig na nakapaloob sa mga ritwal ng tribo ay mailahad ang uri ng lipunan mayroon ang tribo. Ibig sabihin sa pag-aaral ng mga katutubong wika maaring mapaunlad natin at maibahagi sa iba kung anong kultura mayroon ang mga taong gumagamit nito. Makikilala rin ang tunay na pagkakakilanlan ng grupo ng mga taong siyang gumagamit nito at isa na rito ang tribong Talaandig.

Mula sa mga naunang pahayag at pagbabaybay, malinaw na mahalagang bahagi ng kultura ng tribong Talaandig ang mga ritwal. Kung gayon, napakamahalaga na mapag-aralan, makuha, maitala at mabigyan ng kahulugan ang mga kultural na katawagan na ginagamit sa pagsasagawa

ng mga ito. Sa pamamagitan nito makikilala ang pagkatao ng naturang tribo dahil sa napag-aralan din ang kanilang salita o wika. Dagdag pa kay Saway, “ang mga termino ay mga package ng mga impormasyon. Bawat termino ay makapagbigay ng kaalaman at impormasyon para makilala ng lubusan ang kultura ng tribong Talaandig” (V. Saway, personal comunciation, Hunyo 20, 2014).

Kapag nakasulat ang wika, ang mga oral na tradisyon at kultura ng isang panlipunang grupo ay naitatala at naisasalin lampas sa mga hangganan ng espasyo at panahon. Sa kabilang banda, namamatay ang wika at naglalaho ang kultura ng mga tagapagsalita nito kapag ang wika ay nanatili sa pasalitang anyo nito. Pahayag pa ni Saway, “ang mga terminong ginagamit sa pagsasagawa ng iba’t ibang uri ng ritwal ay isang paraan para maipreserba ang wika ng tribo. Ito ay isang *package* para maintindihan at maunawaan ang kultura ng mga ito. Magsisilbing gabay ito sa tribo at maipasa hanggang sa susunod na henerasyon ang package ng mga kaalaman na nakapaloob sa mga terminong ginagamit sa mga ritwal. Hangga’t isinasagawa ang mga ritwal, mananatiling buhay ang wika ng tribo” (V. Saway, personal communication, Hunyo 20, 2014).

Napakahalaga ang paglilipat ng wika mula sa pasalitang anyo patungo sa pasulat na anyo dahil napag-aaralan ang mga katangiang istruktura nito at magiging matatag sa pagdating ng panahon. Kaya sa pamamagitan ng pananaliksik na ito ay maitatala ang mga katawagang kultural ng tribong Talaandig na ginagamit sa pagriritwal. Pagkatapos mabigyan ng kahulugan, matutulungan pa itong hindi tuluyang mawala. Magandang hulwaran ito sa mga gawain ng silid-aralan at magamit na instrumento upang mapahalagahan ang kagandahan ng kultura at literatura ng

mga Talaandig na namana pa nila mula sa kanilang mga ninuno.

Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing tunguhin sa pag-aaral na ito na mailahad at madalumat ang *pangapug* na ritwal ng tribong Talaandig. Inilahad din kung ano-ano ang paniniwala, kaugalian at kung paano pinapahalagahan ng tribo ang kanilang mga katawagang panritwal. Bunga ng nabanggit na mga layunin, pinagsikapang mabigyan ng paliwanag ang sumusunod na katanungan: 1. Ano ang *pangapug* na ritwal ng tribong Talaandig sa Lantapan, Bukidnon? 2. Ano-ano ang mga katawagang panritwal na napapaloob sa ritwal na ito? 3. Ano-ano ang mga paniniwala at kaugaliang nasasalamina dito? Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito ay masusuluyon ang problema sa pagtuturo ng panitikan na nakatuon sa kultura ng tribo para sa mabilis na pag-unawa sa mga akdang literari na tinatalakay sa loob ng klase. Ang pagdalumat at paglalahad sa ritwal ng tribong Talaandig ay makatutulong para maitala, maibahagi, maitaguyod higit sa lahat maipreserba ang kultura na nakapaloob sa mga ritwal ng tribo. Makatutulong din ito sa pagpapatupad ng Mother-Tongue Based Multilingual Education na ipinapatupad ng Departamento ng Edukasyon dahil ang mga aklat na mabubuo na bunga ng mga pananaliksik ay magagamit na sanggunian ng mga guro at mga mag-aaral may kaugnayan sa wika, kultura at panitikan.

Batayan ng Pag-aaral

Pinakasentro ng pag-aaral ang pagkuha sa mga katawagang panritwal na nakapaloob sa *pangapug* na ritwal ng tribong Talaandig. Ang mga teoryang may malaking kaugnayan sa kasalukuyang pag-

aaral ay *cultural relativism* na nagsasaalang-alang sa pananaw na ang bawat kultura ay kakaiba at natatangi. Kaya't ang pag-aaral ay ginawa upang mapatunayan na sadyang may angking katangi-tangi at kakaibang kultura ang nabanggit na tribo. Ang teoryang *functionalism* naman ni Malinowski (1935) ay nagsasabing napakahalaga ng institusyong kultural na kinabibilangan ang tao na tinatawag na "sense of belongingness". Ang fokus naman ng atensiyon sa Whorfian haypotesis ay nakatuon sa relasyon ng wika at kultura. Gaya ng sinabi ni Semorlan (2010), na hindi mapaghihiwalay ang wika, kultura at lipunan. Magkabuhol ang mga ito. Kaya't malalaman kung anong kultura mayroon ang isang tao dahil sa wika na ginagamit nito.

Sa kasalukuyan, marami pa ring mga katawagang kultural na ginagamit sa mga ritwal ng katutubong Talaandig ng Bukidnon. Bawat uri ng ritwal ay may mga katawagang ginagamit kaya't sa pamamagitan ng pananaliksik at sa gabay ng mga teoryang ginagamit naisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura

Nagkaroon ng direksyon ang pag-aaral na may kaugnayan sa mga ritwal ng tribong Talaandig sa pamamagitan ng mga aklat, pag-aaral at iba pang babasahing tumatalakay sa ideya at paksa ng pananaliksik na ito.

Ang pag-aaral na ginawa ni Tundag (2007) ay tungkol sa kultural na katawagang Higau-non. Nilayon ng pag-aaral ni Tundag ang paglikom ng mga katawagan sa iba't ibang kategorya ng wikang Higaunon at pag-alam ng mga varyasyon o mga katutubong wika batay sa isang varayti ng wika. Sa isinagawang pag-aaral, napatunayan ni Tundag na may varyasyon ang katawagan sa Impasug-ong at

Rogongon at mayroon ding mga terminong Higau-non ang hiniram sa banyagang wika samantalang sa kasalukuyang pag-aaral ay nagtangkang mabigyan ng kahulugan ang mga katawagang kultural na nakapaloob sa mga ritwal ng tribong Talaandig, aalam paano ito isasagawa at kung anong sinasalamain nito sa kanilang pagiging Talaandig.

Ang pag-aaral naman ni Cebrero (2012) ay may malaking naiambag sa pag-aaral na ito dahil naglalayon itong matukoy ang mga varyasyon ng wikang Subanen sa dalawang lugar ng Zamboanga Peninsula ang Zamboanga del Sur at del Norte sa pamamagitan ng pangongolekta at pagsusuri ng mga katawagang kultural sa mga nabanggit na lugar. Layunin din ng pag-aaral ang makapag-ipon ng leksikon sa mga katawagang kultural ng mga Subanen upang maipreserba ang wikang Subanen.

Samantalang ang pag-aaral ni Orobia (2013) ay may malaking naitulong sa pag-aaral na ito dahil kinalap nito ang mga materyal at di materyal na kultura ng Manobo sa Don Carlos, Bukidnon. Pagkatapos makolekta ang mga materyal at di materyal na kultura ng naturang tribo ay sinuri kung ano ang inirerepresenta ng bawat bagay sa kultura ng Manobo. Inalam din kung ano ang mga paniniwala ng mga Manobo ang nasa likod ng mga nabanggit na materyal na kultura.

Lumabas sa kanyang pananaliksik na mayaman sa kultura ang tribong Manobo sa Munisipalidad ng Don Carlos, Bukidnon. Narito ang mga sumusunod: (1) marami pa ring elemento ng materyal na kultura ang iniingatan ng tribong Manobo sa Don Carlos, Bukidnon; (2) ang mga materyal na elemento ng kultura ay nagtataglay ng gamit at kasangkapan, pananampalataya, pananamit, produktong pangkabuhayan, instrumentong pangmusika at mga bagay

pantahanan; (3) may mga natatanging katawagang kultural at pagpapakahulugan ang mga Manobo sa kulay, guhit, disenyo at hugis; (5) may mga paniniwala rin na nasa likod ng mga nabanggit na materyal na kultura; (6) ginagamit nila ang mga materyal na bahagi ng kultura at sa mga seremonya ng ritwal at iba pang gawaing kultural; (7) ang pangunahing dahilan sa nasabing paniniwala ay dapat sundin nila si Magbabaya sa lahat ng aspeto ng buhay- pananampalataya, pangkabuhayan, pangkasayahan at pantahanan.

Sa pag-aaral nina Operiano at Usares (2009) may layuning suriin at ilarawan ang lupang sakop o pagmamay-ari ng tribong Manobo bilang katutubo at ang kanilang mga bantang nararanasan para ipreserba ang kanilang lupang sinasakupan. Tinangka ring idokumento at ilahad ang kasaysayan ng Manobo, pananaw tungkol sa lupang sinasakupan, kalikasan, teritoryong hangganan, kalagayan ng kanilang pag-angkin ng lupa, institusyon, at mga pag-unlad ng mga proyekto. Gumamit ng paraang etnogrupo, imersyon o pamamalagi sa lugar, pagmamasid, at panayam ang mga pamamaraan sa pagkuha ng mga datos. Lumabas sa kanilang pag-aaral na hindi nagkakaisa at maayos ang mga Manobo sa Pamaypayan.

Ang pag-aaral naman ni Wettstein (2011) ay may malaking naiambag sa kasalukuyang pag-aaral. May mga iilang mga materyal na kulturang hindi nakuha ng mananakop nang bigyan ng kalayaan ang India kaya ipinagbawal nilang hindi pasukin ang mga lugar na ito. Sa mahabang panahon ng pagwalang-bahala, ang buhay at kultura ng mga Naga ay nagbago ang tribong ito. Mula sa lipunan na nabubuhay sa pangangaso na bumubuo ng mayamang materyal na kultura at oral na tradisyon ay nagiging makabagong lipunan dahil sa pagbibinyag at pakikipaglabang poli-

तिकal para sa kanilang kalayaan. Ang kanilang mga ritwal ay nagpapakita ng mayamang paghanga sa kanilang kultura at napakagandang kagamitan o bagay na may pambihirang istilo ng mga disenyo.

Taong 2001, pansamantalang binuksan ang tribong Naga sa iba't ibang banyagang nais kumilala sa kanila ngunit may mahigpit na permiso sa pamahalaang India. Ito ang nagbibigay daan sa mga antropolohista na pag-aralan at ihambing sa panahong nagpapaugnay sa kanilang paraan ng pamumuhay ang mga nakolektang mga bagay-bagay na nakikita sa kanilang tribo gaya ng kanilang mga tela o hinabing damit. Sentro ng kanyang pag-aaral ang mga katawagan ng iba't ibang disenyo ng tela ng tribo dahil nais nitong malaman ang pagbabago ng konsepto ng tradisyunal sa makabagong pag-unawa sa mga disenyo ng damit o tela. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay lubusang makikilala ang kinagisnang kultura ng tribong ito dahil magagalugad ang mga nakatagong impormasyon na nasa likod ng disenyo ng kanilang mga damit na kung saan ay kakikitaan ng kanilang identidad at pagkakakilanlan bilang isang buhay na tribo.

Makatulong din nang malaki ang pag-aaral ni Sykes (1991). Ito ay nakatuon sa mga simbolo ng mga bagay na gawa ng tribong Andean. Ang mga simbolong ito ay iniugnay sa mga karanasang panlipunan at kontekstong pangkasaysayan ng tribo. Ipinakita nito ang kahalagahan ng mga disenyo, paghuhulma, at dekorasyon ng mga paso o seramiko na tumutugon sa pisikal na pagbuo ng simbolo ng tribong Carcas. Ang pagbuo ng lipunan ng tribo ay humantong sa mabusising pagsusuri, pagtunton at pag-uuri-uri ng mga bahaging materyal na kultura. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay patuloy na mapangangalagaan

at maiprepreserba ang yaman ng kanilang kultura na nasa likod ng kanilang pagriritwal. Maaaring maging batayan at huwaran ang mga ito sa mga susunod na salinlahi dahil patuloy na isinasabuhay ang pinakamahalagang gawain ng tribo, ang pagsasagawa ng mga ritwal.

Magkaugnay rin ang pag-aaral na ito sa isinagawang pag-aaral ni Casanova (1998) na kung saan ay bumuo siya ng monolinggwalnadiksiyunaryong Matigsalog ng mga katawagan sa drama at teatro na tinumbasan sa wikang Filipino. Dalawang paraan ang ginamit niya sa pangangalap ng datos, ang *fieldwork* at paghango ng mga leksikal na aytem at mga kahulugan mula sa mga dati nang nalathalang materyales tulad ng diksyunaryo, ensayklopedya, aklat, magasin at programang pang-alaala.

Sa kabuuan, ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral ay may malaking ambag sa pag-aaral upang higit na malaman at maintindihan ang kultura ng iba't ibang tribu. Bukod dito, sumasalamin sa isang tribu kung ano ang kulturang kanilang kinagisnan at mas mabibigyang linaw ang paniniwala at kaugaliang nakapaloob sa wika ng ritwal ng tribong Talaandig.

Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral

Pangunahing pamamaraang ginamit sa pag-aaral ang kuwalitatibong disenyo sa uring deskriptibong pananaliksik. Gumamit rin ng etnograpihong pamamaraan ang pag-aaral sapagkat ilang beses na bumisita ang mananaliksik sa lugar kung saan ginanap ang pag-aaral upang personal na makahalubilo at makausap ang mga impormante. Nagkaroon rin ng aktwal na partisipasyon ang mananaliksik sa *pangapug* na ritwal ng tribo. Pagkatapos, isinagawa ang interbyu at *focus group discussion*

upang higit na maunawaan at mabigyan ng malinaw na interpretasyon ang mga datos.

Kaligiran ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa lugar na kilala bilang *vegetable and flower basket ng Mindanao* sa Sitio Tulugan, barangay Songco, na matatagpuan sa Munisipalidad ng Lantapan, lalawigan ng Bukidnon kung saan makikita ang komunidad ng tribong Talaandig.

Tagatugon ng Pag-aaral

Ang kabisaan ng pag-aaral ay nakasalalay sa wastong pagpili ng mga impormanteng mapagkukunan ng datos. Sila ang susing magbubukas ng isang bagong kaalaman, pananaw at katotohanan sa mga hindi malinaw na bagay hinggil sa ibang paniniwala at kabihasan ng ibang mga tribu ng bansa. Mahalaga kung gayun na sa pamimili pa lamang ng mga impormante ang pagtatakda ng kraytirya kahit na mga datu at mga bae lamang ang target na magiging impormante sa pananaliksik na ito. Naging basehan ang sumusunod na kraytirya sa pagpili ng mga impormanteng katutubong Talaandig na mula sa parehong mga magulang na Talaandig at katutubong tagapagsalita ng wikang Talaandig; ipinanganak, lumaki at nananatiling nakatira sa pook ng pag-aaral; may edad na 40 taong gulang pataas; maalam sa kulturang Talaandig at aktibong nakikilahok sa mga mahalagang gawain ng tribo gaya ng ritwal; naninirahan ng mahigit 20 taon sa komunidad; maaaring nangibang lugar o bansa o nawala ng ilang taon sa lugar dala ng tawag sa katungkulan/pinili ng tribung paaralin para sa kapakanan ng angkan; may katungkulan sa lipunang Talaandig at panghuli ay eksperto sa mga ritwal na siyang pinagkunan ng mga datos.

Mula sa mga impormante, pumili ang

mananaliksik ng maaaring *interpreter* at valideytor dahil bukod sa hindi pagiging Talaandig, hindi rin marunong sa wika ng Talaandig ang mananaliksik. Naging gabay rin ang napili sa paglilibut-libot sa komunidad at nagsilbing *consultant* dahil gumamit ng *purposive sampling* sa pangangalap ng datos. Gumamit din ng *convenience sampling* dahil nilapitan ang datu ng tribo o *tribal leader* sa pagtukoy sa mga impormanteng nakatugon sa itinakdang kraytirya.

Ang pangangalap at pangunguha ng datos ay ginamit bilang gabay ang proseso nina Santiago at Enriquez (1975) at Fetterman (1998).

Ginamit rin ang semi-modified na pyramid bilang batayan sa pangongolekta ng datos na hinango mula sa pag-aaral ni Orobia (2013).

Konsiderasyong Etikal

Napakalaking hamon sa mananaliksik ang pananaliksik na ito dahil kailangan puntahan ang lahat ng impormante sa kanilang lugar sa pamamagitan ng pagbibiyaha ng ilang kilometro. Bilang mamamayang nagpapahalaga at may malaking respeto sa kapwa-Filipino, dumaan at sumunod sa tama at hinihinging proseso ang mananaliksik na *Free Prior and Inform Consent (FPIC)* na nakasaad sa ilalim ng *Republic Act No. 8371 of 1997* o *Indigenous Peoples Rights Act (IPRA Law)* mula sa lugar na pinagkukunan ng mga impormasyon. Humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa municipal mayor ng Lantapan, Bukidnon at sa NCIP provincial officer. Pagkatapos, sinigurado rin ng mananaliksik ang pahintulot ng *tribal leader* ng tribong Talaandig. Tiniyak din ng mananaliksik ang pahintulot ng datu at bae na kakapanayamin at sasagot sa inihandang katanungan para sa pangangalap ng datos.

Ang mga nakalap na datos mula sa panayam at pagsagot sa talatanungan ay itinuring bilang kumpidensyal at pribado at opisyal na ibinahagi lamang sa nilalaman ng papel.

Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

Likas sa tribo ang paniniwala sa bisa ng pagriritwal. Kaya anuman ang kanilang gawin kailangan muna ang paghingi ng pahintulot sa pinaniniwalaan nilang mga ispiritu na nagbabantay sa lahat ng bagay sa kanilang paligid. Ito ang panahon kung saan nagkakaroon sila ng komunikasyon kay *Magbabaya* at sa mga ispiritung tagapagbantay. Tama ang sinabi sa pag-aaral ni Orobia (2013), “ang pakikipagkomunikasyon sa mga makapangyarihan ay may kakayahang makapagbigay sa kanila ng maayos na pamumuhay, anumang pangyayaring masama at pagkakaroon ng kamalasan ay pinaniniwalaang kagagawan ng mga ispiritu. Kung kaya kailangan ang walang humpay na ugnayan sa mga ito sa pamamagitan ng pagriritwal”. Kaya maituturing na bahagi na ng buhay ng tribo ang ritwal. Ginagawa nila ito sa anumang gawain gaya ng sosyal, politikal at ekonomikal. Kailangan ang pagsasagawa ng ritwal upang magtagumpay sa anumang hangarin at layunin sa buhay. Bawat kataga o salita ay salamin ng pagkatao at identidad ng tribo.

Matutunghayan sa talahanayan ang paniniwala at kaugalian ng tribong Talaandig na nakapaloob sa *pangapug* na ritwal.

Bahagi ng kultura ng tribong Talaandig ang pagsasagawa ng ritwal (Saway, 2014). Sa pagdiriwang ng seremonya ng ritwal, tinatawagan ang lahat ng ispiritung tagabantay at tagapag-ingat ng kultura upang maging saksi at humusga sa mga ginawang panalangin. Kaya upang maging madali ang pagtanggap ng mga ispiritu sa lahat ng mga panalangin, kailangan ang paghahanda ng

mga alay para rito. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *pangapug* na ritwal. Ito ay ritwal bilang paghingi ng gabay ng mga ispiritu sa paghahanda ng *inapugan* (Colipano, 2014).

Ang mga ispiritung nasa langit na itinuturing na mga imortal ay hindi tumatanggap o kumakain ng alay na baboy o manok dahil mayroong espesyal na pagkain na iniaalay para rito, ito ang *inapugan* (Saway, (2014). Ang *inapugan* ay binubuo ng *apug*, *mamaen* at *manika*. Ito ay inihahanda ng isang baylan na tinatawag na *mangangapug*. Ang *mangangapug* ang itinalaga ng tribo na maghahanda o gagawa ng *inapugan* sa tuwing magkakaroon ng isang ritwal (Colipano, 2014). Kaya sa anomang ritwal na gagawin ng tribo hindi pwedeng mawala ang *inapugan* bilang alay sa mga ispiritu.

Ayon kay Colipano, “ito ay uri ng ritwal na maituturing na pundasyon ng lahat ng mga ritwal. Ito ay isang pamamaraan ng panalangin na bahagi ng kultura ng tribo. Nakagawian nang gawin ng matatanda dahil itinuturing na ito ay pagkain ng mga ispiritu. Itinuturing din na ito ang pinakamadaling kagamitan na gagamitin sa panalangin dahil hindi na kailangan ang dugo ng manok o baboy para maisakatuparan ito. Ito ang ginagamit bilang kandila ng tribo” (L. Colipano, personal communication, Hunyo 20, 2014).

Sa pagsasagawa ng ritwal ng tribong Talaandig, tinatawagan ang lahat ng ispiritung tagabantay upang maging saksi at humusga sa mga ginawang panalangin (Saway, 2014). Kaya upang maging madali ang pagtanggap ng mga ispiritu sa lahat ng mga panalangin kailangan ang paghahanda ng mga alay para rito.

Pahayag pa ayon kay Colipano, “ang buhay ng isang *mangangapug* ay hindi madali. Kailangang mamuhay ka nang

Talahanayan 1

Mga Paniniwala at Kaugalian na Masasalamín sa mga Katawagang Panritwal

Katawagang Panritwal	Paniniwala	Kaugalian
<i>Apu Agyu</i> <i>Apu Bataay</i> <i>Apu Domhuwa</i> <i>Apu Ta Ha Inkahid-u</i> <i>Apu Napasad</i>	Ang tao ay may kaligtasan. May mga taong maituturing na imortal.	Mabuting tao Mapagkumbaba May matibay na paniniwala sa Lumikha Kalmado sa lahat ng oras
<i>Apu Magbabaya</i>	May lumikha sa lahat bagay.	Madasalin Relihiyoso May matibay na pananalig
<i>Datu Malag-epas</i>	May mga banal na tao. May tumutulong o gumagabay na mga ispiritu sa mga <i>Mangangapug</i> sa paggawa ng <i>inapugan</i> .	Pagbibigay-galang sa mga ispiritu Paghingi ng pahintulot sa mga ispiritu
<i>Dengan/Talug-pada</i>	Ang Dengan/ Taluggada ang kasabay ng tao sa pagsilang. Kailangang magritwal kapag umalis	Madasalin Mapaniwala
<i>Diwata Butalakan Ku Bukway</i> <i>Butuwan Kutitiyu</i>	May nagbabantay sa <i>apug</i> . Hindi pwedeng magpaluto ng <i>apug</i> na walang gagabay na <i>Mangangapug</i> .	Pagbibigay-galang sa mga ispiritu Paghingi ng pahintulot sa mga ispiritu
<i>Diwata Langkatan Biyaw</i> <i>Lungkatayan</i>	Hindi basta-basta itanim at putulin ang <i>buyo</i> Ito ang kandila ng tribo. Ito ay sagrado.	Pagbibigay-galang sa mga ispiritu Paghingi ng pahintulot sa mga ispiritu
<i>Diwata Pantigan Nuti Hugandian</i>	May nagbabantay sa <i>bunga o mamaen</i> . Kailangan may gagabay na ispiritu sa panahon na ito ay itatanim. Hindi puwede putulin dahil ito'y makapagpa-paikli ng buhay.	Pagbibigay-galang sa mga ispiritu Paghingi ng pahintulot sa mga ispiritu
<i>Entalugpada ku</i>	Bawat tao ay may tagapagbantay.	Madasalin mabuting tao Paggalang at pagbibigay-pugay sa mga ispiritu
<i>Kabiseda Ukiten</i>	Ito ang uuwian ng mga banal na tao na nakaligtas sa panahon ng paghuhukom.	Relihiyoso May matibay na pananalig
<i>Kagpangapug/ Kapandulang</i>	Ito ang natural na pamamaraan ng panalangin ng tribo. Kailangan ang kagamitan sa <i>Kagpangapug</i> .	Paggalang at pagrespeto sa mga ispiritu Pagbibigay-pugay sa mga ispiritu
<i>Kamama</i>	May apat na elemento ang <i>pangapug</i> ritwal.	May pagpapaha-laga sa mga simbolo
<i>Luy-a</i>	Nagkakaroon kaagad ng epekto ang mga panalangin.	May matibay na koneksyon sa mga ispiritu
<i>Legsa ku</i>	Bawat tao ay may tagapagbantay.	Madasalin mabuting tao Paggalang at pagbibigay-pugay sa mga ispiritu
<i>Magbabaya</i>	Dapat iginalang hindi lang ang <i>Amahan</i> kundi ang <i>Apuhan</i> , si <i>Magbabaya</i> . Si <i>Magbabaya</i> ang <i>Apuhan</i> at siya ang pinagmulan ng lahat	Magalang sa mga bisita Magalang sa may kapangya-rihan
<i>Makatu</i>	May ispiritu ang bawat tao.	May tiwala sa sarili Magalang sa mga ispiritu
<i>Mamaen</i>	Bawat ispiritu ay may kakayahan na magsimpatiya.	Sensitibo sa nararamda-man ng iba
<i>Nanangenen</i>	May kaligtasan ang tao	Kalmado sa lahat ng oras Mahusay makipag-usap. Agresibo, buo kung magdesis-yon at makataru-ngan.
<i>Ulagengen</i>		
<i>Salimbal</i>	May kaligtasan ang mga banal na tao	Madasalin May matibay na pananalig
<i>Senora Mandudulang Bae Ku</i> <i>Mangangapug</i>	Lahat ng diwata ay banal.	Madasalin Magalang
<i>Tagbantay Hu Pamulahen</i>	May ispiritung nagbabantay ng lahat ng pananim.	Magalang May respeto sa mga ispiritu
<i>Umaabay ku</i>	Bawat tao ay may tagapagbantay.	Madasalin mabuting tao Paggalang at pagbibigay-pugay sa mga ispiritu

naayon sa kagustuhan ni *Magbabaya* at iwasan ang gumawa ng kasalanan. Hindi ka tutulungan ng mga ispiritung tagapagbantay sa tatlong elemento ng *inapugan* kapag hindi malinis ang iyong pagkatao” (L. Colipano, personal communication, Hunyo 20, 2014).

Binaggit ni Colipano (2014) na ang pagiging *mangangapug* para sa tribong Talaandig ang itinuturing na isa sa mga modelo para sa mabuting pag-uugali. Ipinapakita nito ang tama at wastong kilos nang naayon sa kanilang *katutubong-batasan*. Kaya hindi basta-basta ang maging isang *mangangapug* sa komunidad ng tribong Talaandig (L. Colipano, personal communication, Hunyo 20, 2014).

Ipinaliwanag ni Colipano, “sa paghahanda ng *kamama* na binubuo ng tatlong elemento: ang *apug*, *mamaen* at *manika* na itinuturing na pagkain ng mga imortal, ang *mangangapug* na siyang gumagawa ng *inapugan* ay may mga bagay na dapat isaalang-alang: Una, kailangang maligo muna ang *mangangapug* at malinis ang kamay bago humawak sa mga bagay na kakailanganin sa paggawa ng *inapugan*.

Pangalawa, ang mga kagamitang gagamitin gaya ng gunting, maliit na kutsilyo at ang mga elemento ng *kamama* gaya ng *apug*, *bunga* at *manika* ay may angkop na lalagyan. Ito ay tinatawag na *sakoko*. Ito ang lalagyan ng tatlong pangunahing kagamitan sa *pangapug* ritwal.

Pangatlo, ang *mangangapug* ay may tiyak na lugar sa loob ng bahay na kailangang malinis na kung saan ay doon niya ihahanda ang *inapugan* na gagamitin sa ritwal. Kailangang walang mga taong nasa loob ng bahay na gumagawa ng tsismis dahil hindi ito kagigiliwan ng mga ispiritu. Kailangang ihanda muna lahat ng gagamitin bago simulan ang panalangin.

Pang-apat, kailangang hindi nakisangkot ang *mangangapug* sa sekswal na gawain

bago gawin ang *inapugan*. Kung mangyari man, kailangang maligo at manabon ng mabuti at magpaanod ng barya upang magsilbing pampalinis ng buong katawan mula sa makamundong kaligayahan.

Ang paghahanda ng *Inapugan* na gagamitin bilang pang-alay sa ritwal ay isang sagradong gawain (Colipano, 2014). Sa panahon na ihahanda ng *mangangapug* ang *inapugan*, tatawagin niya si *Apu Wagas Magbabaya* dahil pinaniniwalaan ng tribo na may lumikha sa lahat ng bagay. Ang langit, lupa, tubig at mga hayop at maging mga halaman ay nilikha ni *Magbabaya* (L. Colipano, personal communication, Hunyo 20, 2014). Nagpapakita ito ng pagiging madasalin, relihiyoso at higit sa lahat may matibay na pananalig kay *Magbabaya* dahil hinihingi ang proteksyon ng langit sa kanilang pamilya, kabuhayan at maging sa kalikasan. Sinang-ayunan ito ni Saway (2014) na walang ibang makapangyarihan na makatutulong sa tribo kundi ang mahigpit na paniniwala kay *Magbabaya* na siyang nagbigay ng lahat ng pangangailangan ng tao. Naniniwala ang tribo na ang pagriritwal ay para sa kabutihan ng komunidad. May mga panalangin na hindi lamang para sa sarili kundi para sa kapakanan ng lahat. Kailangang magbigay ng barya bilang paglilinis ng pagkatao at upang maging karapat-dapat sa pagtanggap ng panalangin sa panahon ng ritwal. Ipinapakita ng tribo na may paggalang sila sa lahat ng ispiritu gaya ng ispiritu sa lupa, tubig at iba pa. Sadyang likas sa tribo ang pagiging madasalin at relihiyoso dahil pinapahalagahan nila ang lahat ng bagay sa kanilang paligid na pinaniniwalaan nilang binabantayan ng mga ispiritu.

Inilahad pa ni Colipano na ang *kagpangapug/kapandulang* ay pinaniniwalaan ng tribo na ito ang natural na pamamaraan ng panalangin. Kailangan

ang pangunahing kagamitan, ang tatlong pangunahing elemento: *apug, bunga, at buyo* (L. Colipano, personal communication, Hunyo, 2014). Nagpapakita ito ng pagbibigay-pugay, paggalang at pagrespeto sa mga ispiritu. Higit sa lahat ang paghingi ng patawad sa mga nagawang kasalanan. Sa kabila na likas sa tao ang magkasala, ang *mangangapug* na siyang gumagawa ng *inapugan* ay pinananatili ang kalinisan ng kalooban. Iniiwasan niya na magkasala dahil hindi siya gagabayan sa paggawa ng *inapugan* ng mga ispiritung nagbabantay sa mga mahahagang sangkap sa pagbuo nito. Pinakamahalaga na dapat mangyari sa panahon ng *pangapug* ang *pandengdengana a pag-abay-abayi*. Pinaniniwalaan ng tribo na kailangan ang patnubay ng mga ispiritung tagapagbantay sa anomang gawain lalong-lalo na sa panahon ng *pangapug*. Naniniwala ang tribo na kapag hindi malinis ang kalooban ng isang *mangangapug* ay hindi siya bibigyan ng kakayahan ng mga ispiritung tagapagbantay ng mga pangunahing sangkap sa paggawa ng *inapugan*. Tanda rin ito ng paggalang, pagrespeto at pagbibigay-pugay sa mga pinaniniwalaang mga ispiritu. Dito magaganap ang *Pirmahi* na pinaniniwalaan ng tribo na lalapit ang lahat ng ispiritung nagbabantay ng *inapugan* kapag bukal sa loob ng *mangangapug* ang hinihinging panalangin. Malalaman ng mga ispiritu kung bukal sa loob ng *mangangapug* ang mga kahilingan. Nagpapakita ito ng pagiging madasalin ng tribo dahil tinatawag nila palagi ang presensya ng mga ispiritu sa lahat ng gawain lalong-lalo na sa panahon ng *pangapug*.

Ang pagtali ng *mangangapug* ng *panyuha kikilyu* sa kanyang ulo ay palatandaan na sisimulan na niya ang ritwal para sa paggawa ng *inapugan*. Ang pagsuot nito sa ulo ay pinaniniwalaan nila na dapat

tanggapin nang may pagpupugay ang mga ispiritu. Pinaniniwalaan rin nila na dapat kilalanin at bigyan ng pagpupuri ang mga tinatawagang ispiritu. Ito ang gagabay at maghuhusga kung dapat ba nilang pakinggan ang hinihiling ng *mangangapug* na siyang nangunguna sa ritwal.

Sa pagsisimula ng ritwal, tatawagin ng *mangangapug* ang kanyang mga ispiritung tagapagbantay na tinatawag na *Umaabay ku, Legsa ku, Entalugpada ku, Endengana ku* dahil pinaniniwalaan ng tribo na bawat tao ay may tagapagbantay. Sa panahon ng panalangin kailangan muna tawagin ang ispiritung tagabantay upang bigyan ng pagpupugay at gabayan sa panahon na siya ay nananalangin. Pagkatapos ay tatawagin rin ng *mangangapug* ang mga ispiritung gagabay sa kanya sa panahon ng *pangapug*. Si *Senora Mandudulang Bae Ku Mangangapug*, ang pinaniniwalaan ng tribo na siyang pinakaunang gumagawa ng *inapugan*. Sa kanya ibinabatay kung paano gawin at ano-ano ang mga dapat gawin upang maangkin ang kakayahan ng isang *mangangapug*. Naniniwala rin sila na lahat ng diwata ay mga banal. Kaya kailangang mamuhay rin ng may malinis na kalooban ang sinumang mag-aangkin ng kakayahan ng isang *mangangapug*. Nagpapakita ito ng pagiging madasalin ng tribo. Binibigyan nila ng pagpupugay ang mga ispiritung tumutulong sa kanila sa lahat ng oras. Pinipili ang mga salitang gagamitin na hindi makasakit sa damdamin ng kapwa.

Paliwanag pa ni Colipano “na may ispiritu na nagbabantay sa tatlong elemento ng *inapugan*. Una, si *Diwata Butalakan Ku Bukway Butuwan Kutitiyu* ang pinaniniwalaan ng tribo na siyang tagapagbantay ng *apug*” (L. Colipano, personal communication, Hunyo 14, 2014). Naniniwala ang tribo na ang *apug* na gagamitin sa ritwal ay may tagapagbantay.

Naniniwala ang tribo na hindi pwedeng magluto ng *apug* nang nag-iisa at hindi hihingi ng gabay sa ispiritu na nagbabantay rito o dili kaya'y walang gagabay na matanda na *mangangapug*. Pinaniniwalaan nila na kapag hindi maluto ang *apug*, ito'y nagpapahiwatig na mayroong hindi magandang mangyari sa *Mangangapug* o di kaya'y sa miyembro ng pamilya nito. Tanda ito ng kamalasan. Pinaniniwalaan nila na maaaring ikamatay ng *mangangapug* o di kaya'y miyembro ng pamilya nito kapag hindi maluto ang *apug* sa itinakda nitong oras. Kaya, ito'y isang napakaselan na gawain at kailangan ang gabay ng ispiritu at tulong ng matandang *mangangapug*. Kaya kailangan sa pagluluto ng *apug* ang ibayong pag-iingat at taimtim na panalangin sa ispiritung tagabantay. Kaya pinaniniwalaan rin ng tribo na sa pagkuha ng kabibe bilang pangunahing sangkap ng *apug* ay dapat hindi isali ang maliliit na kabibe at kailangang itapon ito sa lupa bilang pagbibigay-parte sa ispiritu na nagbabantay sa lupa. Pinaniniwalaan ng tribo na sagrado ang *apug* bilang elemento ng *inapugan* kaya kailangan ang gabay at patnubay ng ispiritung tagabantay nito. Higit sa lahat kailangan ang kalinisan ng puso ng isang *mangangapug* upang magtagumpay sa paggawa nito. Nagpapakita ang gawaing ito na likas sa tribo ang pagiging magalang at may respeto sa mga ispiritu dahil hindi nila ito kinakalimutang tawagin at bibigyan ng pagpupugay sa lahat ng oras. Ang paghingi ng pahintulot sa anomang gawain mula sa mga ito ay nakakintal na sa puso't isipan ng tribo.

Paglalahad pa ni Colipano, "pangalawa, si *Diwata Langkatan Biyaw Lungkatayan* ang pinaniniwalaan ng tribo na siyang nagbabantay sa *buyo*. Kaya kung magtatanim at kumuha ng dahon nito ay kailangang humingi ng gabay at pahintulot

sa ispiritu na nagbabantay rito. Sa panahon na magtanim ng *buyo* kailangan ang gabay ng ispiritu at tulong ng matandang *mangangapug* na nakapagtanim na nito upang magbigay ng gabay sa nagtanim at siguradong ito'y tumubo. Kung kumuha naman ng dahon, kailangan munang humingi ng pahintulot mula sa mga ispiritung tagabantay. Ang hindi paghingi ng pahintulot ay pinaniniwalaan nilang magpapaikli ng buhay ng tao" (L. Colipano, personal communication, Hunyo 14, 2014). Pinaniniwalaan rin nila na hindi basta-basta putulin ang *buyo*. Ang pagputol nito ay magpapaikli sa buhay ng tao. Kaya hinihingi nila ang gabay ng *tagbantay hu pamulahen* dahil naniniwala ang tribo na may ispiritung nagbabantay sa lahat ng pananim lalong-lalo na sa *buyo*. Ito'y nagpapakita na binibigyan ng tribo ng pagpupugay at iginagalang nila ang mga ispiritu na nagbabantay sa lupa. Pinaniniwalaan nila itong sagrado. Nagpapakita rin ito ng pagiging magalang at ang pagrespeto ng tribo sa mga ispiritu na tagapagbantay.

Sa pagpapatuloy ni Colipano, "panghuli si *Diwata Pantigan Nuti Hugandian* ay pinaniniwalaan ng tribo na siyang nagbabantay sa *bunga* o *mamaen*. Pinaniniwalaan ng tribo ang paghingi ng pahintulot sa ispiritung nagbabantay nito sa panahon na ito ay itatanim. Naniniwala ang tribo na hindi tutubo ang itatanim na *mamaen* kapag hindi ginabayan at pinatnubayan ng ispiritung nagbabantay rito. Kailangan din ang gabay ng matandang *mangangapug* upang magturo sa tamang paraan ng pagtatanim nito" (L. Colipano, personal communication, Hunyo 14, 2014). Naniniwala rin sila na hindi puwedeng putulin ang puno nito dahil ito'y makapagpapaikli ng buhay ng tao. Ito ang pinaniniwalaan na kandila ng tribo. Ipinapakita pa rin ng tribo ang pagiging

magalang at paghingi palagi ng pahintulot mula sa mga ispiritu. Ito ang kaugaliang hinding-hindi makalilimutan ng tribo dahil bahagi na ito ng kanilang pagkatao

Ibinahagi pa rin ni Colipano na maging sa paghiwa ng *mamaen* ay pinaniniwalaan ng tribo na may ispiritung gumagabay. Pinaniniwalaan ng tribo na may mga banal na tao na siyang gumagabay sa panahon na hihiwain na ang *mamaen*. May tumutulong o gumagabay na mga ispiritu sa mga *mangangapug* sa paggawa ng *inapugan* (L. Colipano, personal communication, Hunyo 14, 2014). Nagpapakita rin ito ng pagbibigay-galang ng tribo sa mga ispiritu at ang paghingi ng pahintulot mula sa mga ito. Gayonman, kailangan ang gabay ng mga ispiritung tagabantay upang magtagumpay sa lahat ng gawaing parte na ng kultura ng tribo. Kailangan ang pagmamahal sa kalikasan lalong-lalo na ang pagpapahalaga sa mga pananim na siyang pinanggalingan ng pangunahing pangangailangan ng tribo.

Dagdag pa ni Colipano, “sa pahahanda ng *inapugan* na gagamitin bilang alay sa ritwal, maaaring bubuuin ito ng *pitu lugas*, *siyam ha lugas* o di kaya’y labindalawang *lugas*; ang *pitung lugas* ay pinaniniwalaan ng tribo na ito ang representasyon ng pitong *makatu* ng tao. Ang pag-aalaga at pagpupugay sa *makatu* ng tao ay nagpapakita ng pagiging madasalin at magalang ng tribo sa mga pinaniniwalaang ispiritu. Tanda ito ng malaking respeto nila sa mga ispiritung pinaniniwalaan nila na pinaghugutan ng kanilang hininga” (L. Colipano, personal communication, Hunyo 14, 2014).

Sa pagpapatuloy ni Colipano, “ang kasaysayan ng *inapugan* ay pinaniniwalaan ng tribo na nagsimula sa mga *Apu Ta Ha Inkahid-u*. Naniniwala ang tribo na ang tao ay maaari pa ring mailigtas na hindi na kailangan mamatay. May mga taong

maituturing na mga imortal. Sila ang mga taong pinaniwalaan ng tribo na hindi namatay sa panahon ng paghuhukom.” Nagpapakita ito ng pagiging mabuting tao, pagiging mapagkumbaba, pagiging kalmado sa lahat ng oras at higit sa lahat ay may matibay na paniniwala sa Lumikha ang tribo” (L. Colipano, personal communication, Hunyo 14, 2014).

Inilalahad pa rin ni Colipano, “malaki ang paggalang at pagrespeto ng tribo sa kinikilala nilang mga *apu* na sina *Apu Bataay*, *Apu Domhuwan* at *Apu Napasad*. Sila ang pinaniniwalaan ng tribo at kinikilalang *apu* na nakaligtas mula sa malaking baha sa panahon ng paghuhukom dahil nakasakay sa sasakyang ginto na tinatawag na *salimbal*. Sila ang pinaniniwalaang mga *apu* na walang ibang ginagawa kundi ang mag-alay ng *kamama* sa mga ispiritu kaya’t tinulungan silang makaligtas mula sa malaking baha. Pinaniniwalaan at itinuturing silang mga imortal. Kaya’t naniniwala ang tribo na ang tao ay hindi na kailangan mamatay upang maligtas” (L. Colipano, personal communication, Hunyo 20, 2014). May mga taong maituturing na banal. Ipinapakita lamang na isinasabuhay ng tribo ang buhay ng kinikilala nilang mga *Apu*. Upang maging banal kailangan maging mabuting tao at may pagmamahal at pagmamalasakit sa katrimbo. Higit sa lahat may matibay silang pananampalataya kay *Magbabaya* at sa mga kinikilala nilang mga ispiritu.

Samantalang binanggit ni Saway, “si *Apu Agyu* naman ay kinikilala ring *Apu* ng tribo na dumaaan sa mga digmaan upang maipagtanggol lamang ang tribo. Bago siya pupunta sa digmaan ay kailangan muna niyang magnganga dahil ito ang pinaniniwalaan niyang makapagbibigay sa kanya ng ibayong lakas at tapang. Kaya nagtagumpay siya sa pagtatanggol

sa kanilang lugar at higit sa lahat sa kanyang nasasakupan” (V. Saway, personal communication, Hunyo 20, 2014). Isa ito sa nakaugalian ng mga katutubo ang pagnganga bilang bahagi ng kanilang kultura (Sungkit, 2009). Pinaniniwalaan nila na ito ang pagkain ng mga ispiritu na nagbabantay sa lahat ng mga bagay na nasa kanilang paligid. Anuman ang kanilang ginagawa o gagawin ay kailangan muna nilang magnganga dahil sa paniniwalang ito raw ang makapagbibigay sa kanila ng ibayong lakas lalong-lalo na kung susuong sila sa isang digmaan. Ito ang dahilan kung bakit halos lahat ng mga *lumad* ay may maiitim at mapupulang mga ngipin dahil sa pagnganga. Mababasa sa nobela ni Sungkit (2009) ang pahayag na ito: “Hala magnganga muna kita, wika ni Udan. Maging mapula ang mga labi ta kapag kumakain ng atay. At silang lahat ay nagsipagnganga. Matapos nilang magnganga ay handa na silang lahat para harapin ang mga kaaway”. Nagpapakita rin ito ng pagiging mabuting tao, pagiging mapagkumbaba, pagiging kalmado ngunit matapang sa mga kaaway at higit sa lahat may matibay na paniniwala sa Lumikha ang tribo.

Bilang pagtatapos, binanggit ni Colipano na, “ang kinikilalang mga *apu* ng tribo ay pinauwi sa *Kabiseda Ukiten* sakay ng *salimbal*, ang gintong sasakyan. Pinaniniwalaan nilang dito umuuwi ang mga banal na tao pagkatapos parusahan ang mundo sa pamamagitan ng isang malaking baha. Pinaniniwalaan ng tribo na may uuwian at pupuntahan ang mga banal na tao na nakaligtas sa panahon ng paghuhukom. May lugar para sa mabubuting tao na itinuturing na paraiso (Saway, 2014). Nagpapakita ito na ang tribo ay relihiyoso, mapagbigay at may matibay na pananalig sa Lumikha. Ang pagkakaroon

ng matibay na koneksyon kay *Magbabaya* ang isa sa ipinapakitang kaugalian ng tribo na maituturing na pinakamatibay na pundasyon upang mailayo mula sa mga problema at kapahamakan ang tribo.

Kilala rin ang tribo sa pagiging maasikaso sa pagtanggap ng mga bisita. Hindi lamang mga ispiritu ang binibigyan nila ng paggalang at malaking respeto kundi maging ang mga tao na bumibisita sa kanilang komunidad na nagnanais na makahalubilo at higit sa lahat makilala ang kagandahan ng kanilang kultura. Dahil isa sa kanilang produkto ang kape, bahagi na rin ng kanilang kultura ang pag-iinom ng kape at madalas ito ang kanilang inihahandog sa kanilang mga bisita. Masasalamatin ito sa pangyayari sa nobela ni Sungkit (2009): “Noong dumating ang mga bagani sa bahay ni Datu Masagila ang datu ng Hanapulon, hinandugan sila ng kape ng asawa ng datu bilang isa sa mga kaugalian sa pagtanggap ng bisita”. Naging bahagi na ng kultura ng mga Talaandig ang pag-aalay ng kape sa kanilang bisita bilang tanda ng kanilang pagiging maasikaso. Ang pag-asikaso sa mga ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap at pag-aalay ng kape bilang pampainit dahil sa sobrang lamig ng kanilang lugar ay nagpapakita ng kanilang pagiging maasikaso sa pagtanggap ng kanilang mga panauhin, (Saway, 2014). Ito ang isa sa mga kaugaliang higit na pinupuri at pinasasalamat ng sinumang nakapunta sa malamig na lugar na itinuturing na paraiso. Kahit hindi perpekto ang buhay ng tao at nangyayari minsan ang panganib at mga kamalasan lalo na sa mga pananim ng tribo. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ritwal at seremonya, hinihingi nila ang kasaganaan at pag-unlad ng kanilang pamumuhay dahil sila’y ginagabayan ng mga ispiritu dahil sa pag-aalay nila ng mga bagay na mula na rin sa mga ito at isa na

rito ay ang *inapugan*. Sa pamamagitan ng mga katawagan na nakapaloob sa ritwal ng tribong Talaandig, nasasalamang ang paniniwala at kaugalian ng tribo na nagpapakilala ng kanilang pagkatao. Salamin ng wika ang identidad ng tribo na nagpapakilala ng kanilang mabuting pagkatao. Dahil sa wika ng kanilang ritwal, naitatampok ang kanilang pagkatao na isa sila sa mga pangkat na may angking pagmamahal at pagpapahalaga sa kanilang kinamulang kultura.

Natuklasan

Batay sa isinagawang pag-aaral, lumabas na isa sa pinakamahalagang ritwal na patuloy pa ring isinasagawa ng tribo ay ang *pangapug* na ritwal. Ito ang ritwal na itinuturing na pinakapundasyon ng lahat ng ritwal ng tribo. Ang pangunahing kasangkapang gagamitin sa lahat ng ritwal gaya ng *apug*, *buyo*, *manika* para sa *inapugan* ay mabubuo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *pangapug* na ritwal. Lumabas rin sa pag-aaral na may mga katawagang panritwal na nakapaloob sa ritwal ng tribo gaya ng mga katawagan sa mga kinikilalang *apu* at mga kagamitang ginagamit sa lahat ng ritwal. Mayroon rin silang natatanging katawagan para sa lahat ng ispiritu o diwata na tagabantay sa lahat ng bagay na nasa kanilang paligid gaya ng *Diwata Butalakan Ku Bukway Butuwan Kutitiyu*, ang pinaniniwalaan ng tribo na siyang tagapagbantay ng *apug*; *Diwata Langkatan Biyaw Lungkatayan* ay pinaniniwalaan ng tribo na siyang nagbabantay sa *buyo*; *Diwata Pantigan Nuti Hugandian* ay pinaniniwalaan ng tribo na siyang nagbabantay sa *bunga* o *mamaen*. Marami ang paniniwala at kaugalian na nakapaloob sa ritwal ng tribo gaya ng kailangan ang paghingi ng pahintulot sa anomang gawain may kaugnayan sa buhay

ng tribo bilang pagrespeto sa mga ispiritung tagabantay. Lumabas rin sa pag-aaral na ang pangunahing kaugalian na taglay ng tribo ay ang pagiging relihiyoso at ang pagiging madasalin. Lahat ng kanilang pang-araw-araw na gawain ay may kaakibat na ritwal.

Konklusyon

Mayaman sa katawagang panritwal ang tribong Talaandig na nakapaloob sa kanilang ritwal at nagsisilbing salamin ng kanilang pagkatao. Mayroon silang ritwal na isinasagawa sa anumang gawain bilang pagbibigay pugay sa mga ispiritu na nagbabantay sa lahat ng bagay na nasa kanilang paligid. Ang wika ng kanilang ritwal ang nagbibigkis at nagbubuklod sa tribo tungo sa iisang layunin at hangarin at para sa kapakanan ng buong komunidad. Ang mga salita na ginagamit sa ritwal ang itinuturing ng tribo na banal at sagrado. Ito ang “salita ng Diyos”. Ito ang nagsisilbing pinakabibliya ng tribo. Habang patuloy na isinasabuhay at pagbabahagi sa kinagisnang kultura sa isipan ng kabataan sa kasalukuyang panahon ay mananatiling buhay ang makahulugang papel ng ritwal sa buhay ng mga Talaandig. Yunik at kakaiba ang kultura ng tribo. Angkin nito ang tradisyon at mga paniniwalang puro at walang bahid ng impluwensiya ng kanluranin. Napapanatili nila ang kanilang mga kaugalian at mga paniniwala na napapaloob sa wika ng kanilang ritwal na siyang nagpapakilala ng kanilang pagkatao.

Rekomendasyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon: Dahil sa mayaman sa katawagang panritwal ang tribong Talaandig, inirerekomenda na magsasagawa pa ng pag-aaral sa iba pang uri ng ritwal upang maitala pa ang

mga katawagang panritwal at maisulat at magkaroon ng koleksiyon sa mga ritwal ng tribo. Mula sa mga koleksiyon ay bumuo ng glosaryong kultural hinggil sa mga katawagan na ginagamit sa ritwal upang magamit na sanggunian sa mga paaralan lalong-lalo na sa pagtalakay sa panitikang rehiyonal. Maaari ring gumawa ng modyul hinggil sa mga katawagang panritwal bilang *spring board* upang magamit sa *Tribal School* ng tribong Talaandig na makatutulong sa pagpapatupad ng programa ng Departamento ng Edukasyon ang Mother-tongue-based Multi Lingual Education na nakatuon sa kultura ng mga indehinus na pangkat ng Pilipinas.

Mga Sanggunian

Almario, V. (2010). Punong patnugot. *UP diksyunaryong Filipino*. Anvil.

Biron- Polo, J. (1998). *Rethinking Philippine popular symbols: Moments of domination and resistance in the province of Leyte*. Q.C.: Manila Press.

Burton, E. M. (1991). *The concept of justice among the indigenous communities of Northeastern Mindanao*. Xavier University Press.

Cabrero, J. C. (2012). BETAD PEDLE-GAMIT: Tagapagsiwalat ng rehiyonal na dayalekto ng wikang Subanen sa Zamboanga peninsula. (Di-nakalimbag na Disertasyon).

Covar, P. (1998). *Larangan: Seminal essays on Philippine culture*. Manila: National Commission on Culture and the Arts.

English, L. (1977). *English- Tagalog dictionary*. USA: Congregation of the

Most Holy Redeemer and National Bookstore, Inc.

Enriquez, V. (1975). *Mga batayan ng sikolohiyang pilipino sa kultura at kasaysayan*. Lungsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas Press.

Hufana, N. L. *Wika, kultura at lipunan Pilipino*. Departamentong Filipino at Iba Pang Wika MSU-IIT.

Malinowski, B. (1935). *Theory in social and cultural anthropology. An encyclopedia*.

Orobia, J.A. A. (2013). *Ang materyal at di materyal na kultura ng tribong manobo ng Don Carlos Bukidnon*. [Dinakalimbag na disertasyon: Mindanao State University, Iligan Institute of Tehnology, Iligan City].

Saway, L. (2005). *Documentation and application of Talaandig tools and instrument for peace*. Talaandig Mother of Peace Project.

Saway, V. (2003). The Ulaging: Epic and survival of the Talaandig people kay Nicole Revel, Patnugot. *Kinaadman*, 25(2), 2.

Saway, V. (1990). *The Talaandig school for living traditions*. Songko, Lantapan,

Saway, V. (2008). *The Talaandig flood story and its significance to the life of the people. First international conference on myths and symbols: Flood stories, lost lands and drowned continents*. National Museum.

Saway, V. (1990). *The Talaandig school for living traditions*. Songko Lantapan, Bukidnon: Agbibilin Community.

Segal, R. A. (1998). *The myth and ritual theory: An anthology*. Blackwell.

Semorlan, T. (2010). *Wika, kultura sa*

mapayapang lipunan. Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika, MSU-IIT.

Sungkit, T. S. (2009). *Batbat Hi Udan*. Central Book Supply Inc.

Tundag, M. (2007). *Mga kultural na katawagang higaunon*. [Di-nakalimbag na Tesis: Mindanao State University, Iligan Institute of Tehnology, Iligan City].